REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 02–175**

**KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGTATALAGA AT PAGHIRANG KAY DRA. MAGDALENA C. MEANA BILANG PINUNO NG TANGGAPAN NG PANGKALUSUGAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

***************************************************************************

Ipinanukala ng: ***Kgg. Nicanor L. Echavez, M.D***
***Kgg. Rufino B. Joaquin***
***Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Melchor R. Teves***
***Kgg. Aldrin L. San Pedro***
***Kgg. Mggl. Raul R. Corro***
***Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea***
***Kgg. Artemio A. Simundac***
***Kgg. Christian Glenn D. Lorica***

***************************************************************************

**SAPAGKAT,** ayon sa ***Seksiyon 454 (d) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991***, "ang pinuno ng mga departamento at tanggapan na hihirangin ng Punonglungsod ay kailangang bigyang pagsang-ayon ng nakararaming miyembro ng Sanggunian, alinsunod sa alituntunin at batas na pinaiiral ng Komisyon ng Serbisyo Sibil. Sa loob ng labinlimang (15) araw mula ng pagkatanggap ng "appointment", ito ay kinakailangang aksiyunan ng Sanggunian, kung hindi ito ay ituturing na kumpirmado";

**SAPAGKAT,** isinasaad ng ***Seksiyon 458 (1) (a) (vii); (viii)*** ng parehong ***Kodigo*** na ***"ang Sangguniang Panlungsod, bilang isang lehislatura ng lungsod ay may kapangyarihang magpatibay ng mga ordinansa, resolusyon para sa kapakanan ng lungsod at mga mamamayan nito at kaugnay nito ay:***

***(1) Magpatibay ng mga ordinansa at magpasa ng mga resolusyon na kinakailangan para sa maayos at epektibong pamamahala at kaugnay nito ay:***

***(vii) xxx tukuyin ang kapangyarihan at tungkulin ng mga opisyales at empleyado ng lungsod;***

***(viii) Tukuyin ang posisyon at sahod, insentibo at iba pang benepisyo ng mga opisyales at empleyado na binabayaran ng pangkalahatan mula sa pondo ng lungsod xxx;***

**SAPAGKAT,** ang kanyang kumpirmasyon at pagkatalaga bilang Pinuno ng Tanggapan ay awtomatikong naipagkaloob alinsunod sa batas, ***nararapat lamang na bigyan ng pormal na pagtitibay*** ang ginagampanan niyang tungkulin;

*Pahina 2*
***Resolution No. 02-175***

**SAPAGKAT,** si ***Dra. Magdalena C. Meana*** ay naglilingkod na sa pamahalaan sa loob ng humigit kumulang na labing-anim (16) na taon at kasalukuyang tumatayong Pinuno ng Tanggapang Pangkalusugan ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** batay sa kwalipikasyon at ***"service record"*** ni ***Dra. Magdalena C. Meana***, siya ay may sapat na kaalaman, kakayahan at karanasan upang maging ***Pinuno ng Tanggapang Pangkalusugan***;

**NGAYON, DAHIL DITO,** buong pagkakaisang pinagpasiyahan ng mga Miyembro ng Sangguniang Panlungsod na ***pagtibayin ang pagtatalaga at paghirang kay Dra. Magdalena C. Meana bilang Pinuno ng Tanggapang Pangkalusugan ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa.***

**PINAGTIBAY** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong ika-21 ng Nobyembre, 2002 sa kanilang ika-55th Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

***LIBAN:***

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR.**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* 12-9-02

***Nory/Cecil***
***11/22/2002***